# Mga Drayber ng Taksi – Mabilisang Kaalaman

## Paano Maiiwasan ang Pagnanakaw at Karahasan

Ang pagmamaneho ng taksi ay maaaring isang mapanganib na trabaho. Ang karahasan sa lugar ng trabaho ay maaaring magresulta sa mga pinsala at potensyal na kamatayan. Kabilang dito ang parehong mga pisikal na pag-atake at pandiwang pang-aabuso tulad ng pagsigaw o pagtawag ng pangalan. Ang katiyakang kaalaman na ito ay nagbibigay ng mga tip sa kaligtasan ng mga drayber ng taksi upang maiwasan o mabawasan ang posibilidad ng karahasan sa panahon ng pamamasada.

**BISIBILIDAD**

Makakatulong ang mas malawak na bisibilidad sa iyong taksi na mabawasan ang karahasan

• Panatilihin ang taksi sa mga lugar na maliwanag at nakikita kapag hindi nagbibiyahe ng mga pasahero.
• Huwag magkulay ng masyadong madilim na mga bintana para hindi makita ng mga tao ang loob ng taksi, alinsunod sa Batas Trapiko sa Lansangan.
• Panatilihing malinis ang mga bintana at panangga at walang mga hindi kinakailangang palatandaan o anumang nakapaskil na bagay.

**PATUNGKOL SA PERANG HAWAK**

Ang kaunting pera sa iyong taksi ay nagiging mas malamang na puntirya para sa pagnanakaw
• Bawasan ang hawak na pera sa pamamagitan ng paggawa ng mga deposito sa tuwing ikaw ay namamasada.
• Kung saan posible, gumamit ng mga sistema na di gumagamit ng pera (cashless system) upang limitahan ang halaga ng pera.
• Magkabit ng stiker (decal) na nagsasaad na ang mga drayber ay may limitadong pera sa mga pintuan ng pasahero o mga bintana

**PAGPAPATAKBO NG TAKSI**

**Tiyakin na ang iyong mga hakbang sa kaligtasan sa taksi ay nasa lugar at gumagana**
• Panatilihin at siyasatin ang mga kamera ng seguridad. Dapat na nakadikit ang mga stiker (decal) ng kamera na nagpapakita ng may kamera ng seguridad ang taksi.
• Tiyaking gumagana ang ilaw na nagtatanghal ng pabilog na liwanag sa panahon ng kagipitan ng mga taksi at alam mo kung paano ito gamitin sakaling may mga kagyat na pangangailangan o pangyayari.
• Panatilihin ang isang tahimik na alarma.
• Gumamit ng personal at mga aparato sa pagsubaybay ng sasakyan, tulad ng mga global positioning system (GPS), para mahanap ka kung kailangan mo ng tulong.
• Buksan ang panloob na ilaw ng simboryo sa tuwing susundo at magbababa ng pasahero.
• Regular na tingnan o i-tsek kasama ang iyong dispatser o isa pang drayber.
• Gumamit at magsanay ka ng isang sistema ng komunikasyon sa iyong disptaser o isa pang drayber para sa mga kagyat na pangangailangan o pangyayari.

**PAKIKITUNGO SA MGA KUSTOMER**

Maghanda para sa mga posibleng hindi ligtas na sitwasyon sa mga kustomer

- Huwag habulin ang mga umiiwas sa pamasahe.
- Hilingin sa iyong kumpanya ng taksi na magbigay ng pagsasanay sa kaligtasan kung paano kilalanin, iwasan, o pakalmahin ang mga potensyal na marahas na sitwasyon.
- Huwag labanan ang pagnanakaw. Hayaang kunin ng mga magnanakaw ang iyong pera at iulat sa pulis at sa iyong dispatser.
- Abisuhan kaagad ang iyong dispatser kapag nagsasakay at nagtitigil ng mga pasahero na pumapara sa kalye o kalsada.
- Ipaalam kaagad sa iyong dispatser o isa pang drayber kung ang mga pasahero ay lumipat ng destinasyon kapag nakapasok na sila ang taksi.
- Ipaalam sa iyong dispatser o isa pang drrayber kung nagmamaneho ka sa mga lugar na sa tingin mo ay hindi ligtas.

**Para sa mga kagyat na pangangailangan o pangyayari,**

**tumawag sa 911**